KAGAWARAN NG MGA KAPITBAHAYAN NG SEATTLE
[SEATTLE DEPARTMENT OF NEIGHBORHOODS]

KOMISYON SA PAGBABAGO NG DISTRITO NG SEATTLE 2021-2022

Sa buong 2022, aayusin ng Seattle ang mga hangganan ng pitong Distrito ng Konseho ng Lungsod ng Seattle upang matiyak na ang bawat distrito ay may parehong bilang ng mga tao. Ang proseso ng muling pagdistrito ay ginagawa para sa bawat katawan ng pamahalaan na gumagamit ng mga halalan sa distrito at nagaganap pagkatapos ng bawat decennial na lahatambilang.

Ayon sa 2020 Lahatambilang ang populasyon ng Seattle ay nasa 737,015, pagtaas ng 21.1% mula 2010. Sa muling pagdistrito ay makakasiguro na sa 2023, ang bawat Distrito ng Konseho ng Seattle ay kinabibilangan ng humigit-kumulang na parehong dami ng mga tao, o isang kabuuang populasyon na humigit-kumulang 105,288 katao bawat distrito. Upang makamit ang bilang na ito ang proseso sa muling pagdistrito ay muling iguguhit ang mga hangganan ng lahat ng mga distrito sa pamamagitan ng pagpapalawak ng mga Distrito 1, 2, at 5 at pagpapaliit ng mga Distrito 3, 4, at 7.



Ayon sa direksyon ng Seattle Charter, ang proseso ng muling pagdistrito ay nangangailangan ng Komisyon ng limang hindi partidista na hinirang na mga residente ng Seattle, na magtatrabaho sa pinakabagong datos ng decennial na lahatambilang, isang hanay ng mga panuntunan sa muling pagdistrito, kadalubhasaan sa teknikal na pagmamapa, at pampublikong pagpasok upang lumikha ng bagong mga hangganan ng Distrito ng Konseho.

PAGPAPALAKAS NG SEATTLE SA PAMAMAGITAN NG AKTIBONG PAGPAPAGILIW SA LAHAT NG KOMUNIDAD

KONTAK

elsa.batres-boni@seattle.gov

www.seattle.gov/redistricting/

KAGAWARAN NG MGA KAPITBAHAYAN NG SEATTLE [SEATTLE DEPARTMENT OF NEIGHBORHOODS]

600 4th Ave., Floor 4
PO BOX 94649
Seattle, WA 98124-4649
TEL: 206.684.0464
FAX: 206.233.5142

SUNDAN KAMI
Sa Blog
Frontporch.seattle.gov
Sa Facebook
SeattleNeighborhoods
Sa Twitter
@SeaNeighborhood
Sa Instagram
@seattle_neighborhoods

KAGAWARAN NG MGA KAPITBAHAYAN NG SEATTLE
[SEATTLE DEPARTMENT OF NEIGHBORHOODS] Komisyon sa Muling Pagdistrito ng Seattle

ANG MGA BAGONG HANGGANAN NG DISTRITO AY DAPAT:

- Maging masinsin, konektado, at hindi manipulahin.*
- Magkaroon ng mahigit-kumulang na magkaparehong populasyon sa loob ng 1%.
- Hindi iguguhit upang mapaunlakan ang tirahan ng sinumang tao.

*Gerrymandering ay ang manipulasyon ng mga hangganan ng distrito panghalalan para sa pampulitikang pakinabang.

KAPAG PRAKTIKAL, ANG MGA HANGGANAN NG BAGONG DISTRITO AY DAPAT:

- Kilalanin ang mga daluyan ng tubig at mga hangganan ng heograpiya.
- Kilalanin ang mga komunidad at mga kapitbahayanan.

SINO ANG KOMISYON SA MULING PAGDISTRITO?

Commissioner EJ Juárez
(siya/siya) ay ang Direktor ng Equity at Environmental Justice para sa Washington Department of Natural Resources.

Commissioner Greg NIckels
(siya/siya) nagsilbi bilang ika-51 na Alkalde ng Seattle.

Commissioner Patience Malaba
(siya/siya) ay ang Executive Director ng Housing Development Consortium ng Seattle-King County. Pinamumunuan niya ang asosasyon ng pagiging miyembro ng humigit-kumulang 200 miyembro sa isang magkabahaging pagsisikap na dagdagan ang access sa abot-kayang pabahay.

Commissioner Rory O'Sullivan
(siya/siya) ay kasalukuyang nagsisilbi bilang Administrative Law Judge ng Office of Administrative Hearings.

Commissioner Neelima Shah
(siya/siya) ay isang Senior Program Officer sa Seattle-based Bullitt Foundation.

PALATAKDAAN NG ORAS

OKTUBRE 2021
nabuo ang Komisyon

PEBRERO-MAYO 2022
magsisimula ang Pampublikong Proseso ng Muling Pagdistrito sa pag-aaral at komento ng publiko sa mga alok na balak na apat na mapa

MAYO-HULYO 2022
Mga Pampublikong pagtitipon sa bawat Distrito na mayroong mga alok na balak na apat na mapa

HULYO-AGOSTO 2022
Ang Komisyon ay gagawa at ilalathala ang pangwakas na alok

AGOSTO-SETYEMBRE-OKTUBRE2022
Ang Komisyon ay mangunguha ng pampublikong komento ukol sa pangwakas na alok

NOBYEMBRE2022
Aaprubahan ng Komisyon at ihahain ang pangwakas na mapa

ENERO2023
Mga BAGONG Distrito ng Konseho ng Seattle

PAANO KA MAKIKILAHOK

- Magbigay ng nakasulat, naitala, at live na mga komento tungkol sa mga iminungkahing mapa.
- Galugarin ang kasalukuyang datos ng populasyon ng Seattle.
- Isumite ang inyong sariling mga iminungkahing mapa gamit ang isang kasangkapan sa aming website.
- Dumalo sa isang pulong ng Komisyon sa Muling Pagdistrito, isang nakaiskedyul na pampublikong pagtitipon, at/o isang pampublikong pagsasanay sa kasangkapan sa pagmamapa.
- Kontakin ang Komisyon.
- Humiling ng tagasalin para sa anuman parte ng prosesong ito.
- Suriin ang mga nakaraang minuto ng pagpupulong, mga tala at mapagkukunan.